Oregon Department of Justice's
CIVIL RIGHTS UNIT

# KALIGTASANG GABAY LABAN SA DOXING

Doxing: Pampublikong paglalathala o pagbabahagi ng personal, pribado, o pagpapakilalang impormasyon tungkol sa ibang indibidwal na may malisyosong hangarin. Madalas ang ganitong paglalathala ay nangyayari sa internet, at ang hangarin ay ilagay ang ibang tao sa pangamba, o kung hindi man ay takutin, patahimikin, palihim na pagsubaybay, manggulo, o pagbabanta sa tao, o himukin ang ibang tao na gawin ito.

## MGA PROTEKSYON LABAN SA DOXING PARA SA MGA EMPLEYADO NG GOBYERNO

- ❑ Ang iyong trabaho o trabaho na may kaugnayan sa mga email at mga teksto ay maaaring sumailalim sa mga batas sa kahilingan ng mga pampublikong record.
- ❑ Huwag mag email/teks ng anuman na hindi mo maipagmamalaki kung ito ay mailalathala sa harap ng pahina ng pahayagan.
- ❑ Huwag i-email/i-teks sa iba ang iyong personal na numero, tirahan o adres ng pangkoreo, o pamilya, kabiyak/partner, o pangalan ng iyong mga anak sa mga kagamitan ng iyong trabaho.
- ❑ Magsiyasat sa iyong mga departamento ng IT at HR tungkol sa mga proteksyon na maaaring kapaki-pakinabang kung ikaw ay na dox, kabilang ang pamamahala sa mga kagustuhan sa pagpasa, kung may mga pagpipilian sa pag-encrypt, pag-aalis ng iyong impormasyon sa pahinarya ng iyong ahensya, at pagpaplano sa kaligtasan sa loob ng opisina.

## KALIGTASAN SA SOSYAL MEDYA

- ❑ Panatilihing pribado ang mga account at handle sa iyong mga setting.
- ❑ Alisin ang anumang mga tirahan, mga lugar ng trabaho o paaralan, at mga lokasyon sa iyong account (hindi lamang nakatago).
- ❑ Huwag ianunsyo kung saan ka pupunta, kabilang ang mga restawran/ parke/kaganapan at mga bayan/lungsod/estado/bansa.

- ❑ Tanggapin lamang ang mga imbitasyon ng kaibigan galing sa mga kilalang indibidwal.
- ❑ Payagan lamang ang mga kilalang kaibigan na tingnan ang iyong mga paskil.
- ❑ Suriin kung sino ang makapag bahagi ng iyong mga paskil.
- ❑ Ibahin ang iyong mga gamit na pangalan/handle.
- ❑ Gumamit ng mga iba at malakas na mga kontrasenyas o password sa mga plataporma ng sosyal medya.
- ❑ Huwag mag paskil ng mga lawaran na nakikita ang iyong mukha at ng iba.
- ❑ Huwag magpaskil ng mga larawan kung saan malalaman ng iba kung nasaan ka/saan ka pumunta.
- ❑ Alisin ang meta-data sa mga larawan na iyong pinaskil. Tandaan, ang iyong mga larawan ay pwedeng ilahad ang iyong lokasyon at ang petsa/oras kinuha ang larawan.
- ❑ Tukuyin kung saan magsumbong ng doxing o pananalitang may poot sa sosyal medya.
    - Ang Facebook, Snapchat, Twitter, Instagram, Google, Yelp, atbp. lahat ay may magkakaibang mga termino ng paggamit.

## MGA PANUKALA SA KALIGTASAN PAGKATAPOS NG IKAW AY MA-DOX

- ❑ Idokumento ang nangyayari.
- ❑ Kumuha ng mga screenshot ng lahat.
- ❑ Subukang isama ang mga petsa/oras/gamit na pangalan.
- ❑ Isumbong sa pulisya kung may mga pagbabanta. Siguraduhing isama:
    - ❑ Protektadong klaseng impormasyon, parehong aktwal at paghihiwatig
        - Ang mga krimen ng pagkamuhi sa Oregon at pederal ay hindi kinakailangan na ang salarin ay matukoy na tama ang iyong protektadong klase.
        - Mga suliranin sa kaligtasan
            - Pamilya/mga anak/mga kabiyak
            - Paglakbay
            - Mga publikong paglalabas
        - Espesipikong impormaston tungkol sa:
            - Kalapitan: Nakatira ba malapit ang salarin?
            - Anong eksaktong mga salita ang ginamit? (Mga panghahamak, mga banta, mga sandata)

- Anumang ebidensya, kasama na ang mga screenshot. Tandaan na ang pagiging maagap ng iyong pagsumbong sa pulisya ay makakaapekto sa pagpapanatili ng ebidensya.
- Itala na ang "true threats" na sinabi sa onlayn, pinadala na sulat, o ginawa sa pamamagitan ng pagtawag/pag-iwan ng mensahe ay maaaring pederal na krimen. Mag sumbong sa FBI, o hikayatin ang iyong lokal na pulisya na mag cross-report sa pederal na tagapagtupad ng batas.

- [ ] Magpalit ng mga kontrasenyas sa iyong telepono, email, at mga account sa sosyal medya. Siguraduhin na ang bawat kontrasenyas ay magka-iba at kumplikado.
- [ ] Magsumbong sa plataporma at hilingin na alisin ang impormasyon.
- [ ] Hilingin na ang iyong handle/pangalan/impormasyon ay idagdag sa listahan ng "bantay-saradong pagsubaybay" upang maalis ang impormasyon sa oras na ito ay lumabas sa ibang lugar.
- [ ] Makipag-usap sa taong iyong pinagkakatiwalaan para sa suporta. Hindi ka nag-iisa.
- [ ] Ang Oregon 2021 HB 3047 ay nagbibigay ng mga remedyong batas sibil para sa doxing. Kumausap ng abogado para tingnan kung may iba pang mga remedyong batas sibil.
  - Oregon State Bar Lawyer Referral Program
  - Legal Aid
  - Oregon Crime Victim's Law Center (OCVLC)
- [ ] Konsiderahin ang Kautusan ng Pamproteksyong Sibil.
- [ ] Konsiderahin and impormasyon na *kaya* mong kontrolin gaya ng kung ikaw ba ay nasa plataporma, ano ang iyong paskil, pagbabahagi ng lokasyon, atbp. kumpara sa ano ang hindi mo kontrolado.
- [ ] Magtayo ng google alerts para sa iyong pangalan, numero, tirahan upang makatanggap ng mga alerto kung may lalabas na impormasyon sa onlayn.
- [ ] Gumamit ng mga opsyon sa pag-opt out ng data broker. May ilang mga serbisyo na kailangan mong magbayad gaya ng DeleteMe o Reputation Defender.
- [ ] Konsiderahing gumamit ng magkahiwalay na mga email address para sa iba't ibang layunin.
- [ ] Planong pangkaligtasan:

   - Sa trabaho – Kausapin ang HR
   - Sa bahay – gumawa ng malinaw na plano kasama ang iyong pamilya, kumausap sa mapagkakatiwalaang mga kapitbahay, kausapin ang pulisya na dagdagan ang kaligtasang pagpapatrolya.
   - Sa publiko – maglakbay kasama ang isang kaibigan, kumuha ng mga alternatibong ruta, sabihan ang isang mapagkakatiwalaang tao saan ka pupunta at kailan ay iyong inaasahang pagbabalik.
- ❑ Makipag-usap kasama ang mga miyembro ng pamilya/mga kaibigan tungkol sa impormasyon na kanilang ibinabahagi tungkol sa iyo sa onlayn.

MGA KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN PARA SA KALIGTASAN SA ONLAYN

Mga tip sa paggawa ng malakas na mga kontrasenyas:

Internet Safety: Creating Strong Passwords (gcfglobal.org)

Create a Strong Password & a more Secure Account – Google Account Help

Mag-aral ng higit pa tungkol sa kaligtasan sa internet:

Doxing: What it is and how to protect yourself | NortonLifeLock

5 Tips for Social Media Security and Privacy | Norton.com

Pag-aalis ng laman sa Google:

Removing Content from Google – Legal Help

Remove your personal information from Google

Remove select personally identifiable info or doxing content from Google Search

Lehislasyon Laban sa Doxing:

Press Release Oregon Senate Passes Anti-Doxing Legislation

Dulo Hanggang Dulo na Enkripsiyon:

Signal app

Whatsapp

**Pagtatatuwa**: Ang mga link at impormasyon na ibinigay sa toolkit na ito ay para pang impormasyon lamang, ay hindi kumpleto, hindi bumubuo ng legal na payo, at hindi nagpapakita ng pag-eendorso o pagsisiyasat ng Kagawaran ng Katarungan ng Oregon tungkol sa mga magagamit na komersyal na produkto. Para sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at legal na opsyon, komunsulta ng isang abogado.